

Industriya ng Domestikong Serbisyo: Mga Manggagawa sa Pangangalaga sa Bahay Mga Kinakailangan sa COVID-19

Angkop ang dokumentong ito sa industriya ng domestikong serbisyo at partikular sa mga manggagawa na pangangalaga sa bahay. Para sa layunin ng dokumentong ito, ang isang manggagawa ng domestikong serbisyo ay sinumang manggagawa na binabayaran ng isa o higit pang employer at nagbibigay ng domestikong serbisyo sa isang indibiduwal o sambahayan o sa isang pribadong tahanan bilang isang manggagawa na nag-aalaga sa bahay. Kabilang sa isang manggagawa ng domestikong serbisyo ang mga empleyadong binabayaran nang kada oras at may sahod, malayang kontratista na nagbibigay ng personal na paggawa, mga manggagawang full-time at part-time, at mga pansamantalang manggagawa. Kabilang sa isang employer ang isang entidad sa hiring, mga indibiduwal, mga sambahayan, at mga employer (e.g. mga negosyong nagbibigay ng mga direktang serbisyo, kabilang ang mga ahensiya sa pagbibigay ng trabaho at mga online platform) na direkta o hindi direktang nagbabayad ng isang manggagawa sa bahay para magbigay ng mga serbisyo bilang manggagawa sa pangangalaga sa bahay. Kung may higit sa isang employer, naaangkop ang mga kinakailangan sa bawat employer/employee na ugnayan sa trabaho.

Saklaw ang iba pang manggagawa sa bahay sa [hiwalay na gabay](#) dahil hindi pa natutukoy ang kanilang trabaho na kinakailangan sa ilalim ng Proklamasyon 20-05 ng Gobernador. Ang mga manggagawa sa pangangalaga sa bahay ay iyong, nanunuluyan o malapit sa isang pribadong tahanan, na nagbibigay ng mga personal na serbisyo a pangangalaga sa mga taong may kapansanan sa pagkilos, o iyong may sakit. matanda, o mahina, na tinutulungan silang isagawa ang kanilang “mga gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay”, tulad ng pagkain, paliligo, at pagsusuot ng damit. Dagdag pa sa pagtulong sa mga gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay, maaari ding tumulong ang isang manggagawa sa pangangalaga sa bahay sa “mahahalagang gawain sa pang-araw-araw na pamumuhay”, para pahintulutan ang mga indibiduwal na mamuhay nang malaya sa isang komunidad. Kabilang sa mga manggagawa sa pangangalaga sa bahay, ngunit hindi limitado sa, ang mga sertipikado ng Department of Health ng Estado batay sa [RCW 18.88B](#).

Itinuturing na mahalaga ang trabahong ginagawa ng mga Manggagawa sa Pangangalaga sa Bahay batay sa Proklamasyon 20-05 ng Gobernador at kung ayon, mananatili ang maraming serbisyo sa panahon ng pandemya sa COVID-19. Kailangang sundin ang mga kinakailangan para sa kalusugan at kaligtasan, gaya ng isinadokumento sa ibaba, ng mga employer at indibiduwal na manggagawa sa pangangalaga sa bahay.

Hanggang sa alinman sa probisyon ay *ganap na* hindi angkop sa isang employer ng isang manggagawa, hindi ito kailangang sundin ng employer na iyon.

Kinikilala na ang mga manggagawa sa industriya ng domestikong serbisyo ay makararanas ng hindi pantay-pantay na limitasyon sa kanilang kakayahang tumanggi sa paggawa ng trabaho, mag-access ng may bayad na sick leave, at mag-access sa mga benepisyo ng kawalan ng trabaho. Sa lahat ng sitwasyon sa trabaho, kailangang nalalaman ng mga employer ang mga limitasyon na maaaring mayroon ang kanilang mga manggagawa sa pag-access sa mga proteksyon ng manggagawa.

Mga Kinakailangan para sa Kaligtasan at Kalusugan

May pangkalahatang obligasyon ang lahat ng employer sa domestikong serbisyo na panatilihin ang kaligtasan at kalusugan ng lugar ng trabaho ayon sa batas at mga panuntunan ng estado at pederal. Dagdag pa, kailangan nilang sumunod sa sumusunod na mga pangkaligtasang gawain na partikular sa lugar ng trabaho kaugnay ng COVID-19 na ibinalangkas sa “Safe Start” na Proklamasyon 20-25.4 ng Gobernador, at ayon sa [Mga Pangkalahatang Kinakailangan at mga Ideya sa Pag-iwas para sa Lugar ng Trabahong L&I](#). Nagbalangkas ang Department of Health ng Estado ng Washington at ang Department of Social and Health Services ng Estado ng Washington ng mga dokumento para sa gabay sa kaligtasan para sa mga manggagawa:

- [Mga Rekomendasyon ng Department of Health ng Estado ng Washington Para sa Mga Nakikipanuluyan na Nagbibigay ng Pangangalaga sa Bahay](#)
- [Gabay ng Department of Social and Health Services na mga Indibiduwal na Tagapagbigay \(Individual Providers, IPs\) para sa pagbibigay ng Ligtas na Pangangalaga sa panahon ng Pagkalat ng COVID-19](#)

Kailangang sumunod ng Employer o co-Employer na nagsasagawa ng mga administratibong gawain, tulad ng Mga Ahensya sa Pangangalaga sa Bahay at ang Estado ng Washington, sa mga kinakailangan at patnubay kaugnay ng COVID-19 para protektahan ang mga manggagawa, kabilang na ang:

- Turuan ang mga manggagawa sa wikang kanilang pinakanauunawaan tungkol sa coronavirus at kung paano maiiwasan ang pagkalat at ang mga patakaran ng employer kaugnay ng COVID-19.
- Magpanatili ng anim na talampakang layo sa pagitan ng lahat ng empleyado at kustomer sa lahat ng pakikihalubilo sa pinakaposibleng paraan. Kung hindi posible ang mahigpit na pisikal na pagdistansiya para sa isang tiyak na gawain, maaaring gumamit ng iba pang hakbang sa pag-iwas, tulad ng paggamit ng mga harang, pagpapanatili ng kaunting bilang ng kawani at kustomer sa isang makipot o saradong lugar, at paglalalatag ng hiwa-hiwalay na oras ng pahinga at pagsisimula ng oras ng trabaho.
- Libreng magbigay at ipag-utos ang pagsusulot ng empleyado ng Kasuotang Pamproteksyon (PPE) tulad ng mga guwantes, goggles, panangga sa mukha at pantakipsa mukha kung angkop sa gawaing isinasagawa. Sumangguni sa [Mga Kinakailangan sa Pantakip sa Mukha at Mask kaugnay ng Coronavirus](#) para sa mga karagdagang detalye. Inaasahang nasa sitwasyong “Napakataas na Panganib” ang mga manggagawa sa pangangalaga sa bahay na nangangalaga sa mga kliyenteng positibo o symptomatic sa COVID at kailangang bigyan ng angkop na PPE. Dapat ituring na nasa kategoryang “Katamtamang Panganib” ang mga manggagawa sa pangangalaga sa bahay na nangangalaga sa mga kliyenteng asymptomatic at kailangang bigyan ng mga surgical mask, pati na rin ang karagdagang PPE kung naaangkop depende sa sitwasyon. Dagdag pa, kailangang magbigay ang employer ng mga pantakip sa mukha at dapat itsuot ng bawat manggagawa na hindi nagtatrabaho nang mag-isa o kapag nagsasagawa ng mga gawain sa komunidad maliban kung ang kanilang pagkalantad ay nangangailangan ng mas mataas na antas ng proteksyon batay sa mga panuntunan at gabay para sa kaligtasan at kalusugan ng Department of Labor & Industries. Inilarawan ang telang pantakip sa mukha sa [gabay ng Department of Health](#). Kabilang sa mga hindi sakop ng ganitong pangangailangan sa mga telang pantakip sa mukha ang pagtatrabaho nang mag-isa sa opisina, sasakyan, o sa isang lugar ng trabaho; kung may kapansanan sa pandinig o nahihirapang makarinig ang isang indibiduwal, at nakikipagkomunikasyon sa isang tao na nakadepnde sa mga hudyat ng wika tulad ng mga pananda sa mukha at eskpresyon at mga paggalaw ng bibig bilang bahagi ng pakikipagkomunikasyon; kung may medikal na kondisyon ang isang indibiduwal o

kapansanan na nagiging sanhi para hindi maging angkop ang pagsusuot ng pantakip sa mukha; o kapag walang pakikihalubilo sa ibang tao ang ginagawang trabaho.

Kailangang sumunod ng Employer sa mga kinakailangan at gabay para sa COVID-19 para protektahan ang mga manggagawa kabilang na ang mga bagay na nakalista sa ibaba. Ang mga manggagawa na kinuha ng mga indibiduwal na konsumer at binayaran sa pamamagitan ng DSHS bilang mga Indibiduwal na Tagapagbigay au pinili, iniskedyul at pinapangasiwaan ng kliyenteng employer. Sa ganitong mga pagkakataon, naglalabas ng gabay ang DSHS kung paano iwasan ang pagkahawa at pagkalat ng COVID:

- Tiyakin ang madalas at sapat na paghuhugas ng kamay gamit ang pagpapanatili ng sapat na mga supply. Gumamit ng mga guwantes na itinatapos pagkatapos gamitin nang isang bese kapag ligtas at naaangkop para iwasan ang pagkalat ng virus sa kagamitan o iba pang bagay na ginagamit ng iba.
- Tiyakin ang madalas na paglilinis at pag-sanitize ng mga bagay na madalas hawakan ng maraming tao.
- Suriin ang mga empleyado at mga kliyente para sa mga palatandaan/sintomas ng COVID-19 sa simula ng kanilang shift. Kailangang manatili sa bahay ang mga manggagawa sa pangangalaga sa bahay o kaagad na umuwi sa kanilang bahay kung sumama ang kanilang pakiramdam o mukhang may sakit. Lagyan ng harang ang anumang lugar sa opisina ng employer na hindi tirahan kung saan nagtrabaho, humawak ng mga gamit, atbp. ang isang empleyadong posible o kumpirmadong may sakit na COVID-19 hanggang nalinis at na-sanitize ang lugar at kagamitan. Sundin ang [mga gabay sa paglilinis](#) na itinakda ng Mga Sent4ro ng Pagkontrol ng Sakit para sa masinop na paglilinis at pag-sanitize.
- Kaagad na abisuhan ang mga manggagawa sa pangangalaga sa bahay pagkatapos malaman ng employer na dahil sa kanilang trabaho, nalantad sila sa mga indibiduwal na kumpirmadong positibo sa COVID-19.

Maaaring tumanggi ang isang manggagawa na magsagawa ng hingi ligtas na trabaho, kabilang ang mga pangabib na idinulot ng COVID-19. Kailangang makipag-ugnayan ng isang manggagawa sa pangangalaga sa bahay, na naniniwalang hindi ligtas ang kaniyang sitwasyon, sa isang social worker o supervisor ng ahensya. Labag sa bata para sa sinumang employer na napapasailalim sa RCW 49.17 na magsagawa ng salungat na aksyon laban sa isang manggagawa na lumahok sa mga gawaing protektado ang kaligtasan sa ilalim ng batas kung nakakatugon sa ilang kinakailangan ang kanilang pagtangga sa trabaho. Available ang mga impormasyon sa mga publikasyong ito: [Brochure sa Diskriminasyon sa Kaligtasan at Kalusugan sa Lugar ng Trabaho](#) at [Brochure sa Diskriminasyon sa Kaligtasan at Kalusugan sa Wikang Espanyol](#).

Maaaring magkaroon ng access sa ilang leave o mga benepisyo sa kawalan ng trabaho ang mga manggagawang piniling umalis sa isang lugar ng trabaho dahil naniniwala silang hindi ligtas na magtrabaho dahil sa panganib ng pagkalantad sa COVID-19. Kailangang bigyan ng mga employer ang mga indibiduwal na may mataas na panganib na sakop ng Proklamasyon 20-46 ng kanilang piniling access sa available na naipong leave na pinayagan ng employer o mga benepisyo sa kawalan ng trabaho kung hindi posible ang alternatibong kaayusan sa trabaho. Maaaring may access ang iba pang manggagawa sa pinalawak na pampamilya at medikal na leave na kabilang sa Mga Aktibidad ng Unang Pamilyang Coronavirus Response mga benepisyo sa kawalan ng trabaho, o iba pang may bayad na bakasyon depende sa mga sitwasyon. Available ang karagdagang impormasyon sa [Mga Sanggunian kaugnay ng Pagkalat ng Novel Coronavirus \(COVID-19\)](#) at [May Bayad na Leave batay sa Family Care Act at sa Families First Coronavirus Response Act ng Washington](#).

Mga Manggagawa sa Pangangalaga sa Bahay:

Dagdag pa, ang mga manggagawa ay kailangang:

1. Manatili sa bahay kapag may sakit. Abisuhan ang employer kapag pinaghihinalaan o kumpirmadong positibo sa COVID.
2. Ipaalam sa supervisor kapag may kapamilya sa bahay na may sakit na COVID-19. Kapag may kapamilya ang isang manggagawa na may sakit sa COVID-19, kailangang sumunod ng manggagawang iyon sa mga kinakailangan sa pagbubukod/quarantine na itinakda ng Department of Health ng Estado.
3. Bago mag-ulat sa trabaho, tumawag muna at itanong kung ang taong inaalagaan mo ay nakararanas ng mga sintomas tulad ng lagnat, ubo o paghingal na bago sa kanila. Kung oo, pag-isian kung puwedeng ipagpaliban ang mga serbisyo o sumunod sa mga pang-iingat na nakalista sa dokumento ng Gabay sa Pangangalaga sa Bahay kaugnay ng COVID-19.
4. Panatilihin ang minimum na anim na talampakang layo sa pagitan mo at ng ibang tao sa bahay hangga't maaari. Kung hindi posible ang pisikal na pagdistansya para sa isang tiyak na gawain, gumamit ng iba pang hakbang sa pag-iwas tulad ng paggamit ng mga telang pantakip sa mukha at PPE.
5. Madalas na hugasan ang mga kamay, sa simula at pagkatapos ng iyong oras ng trabaho at bago at pagkatapos maghanda ng pagkain o kapag nagkaroon ng ugnayan sa mga likido ng katawan. Hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng hindi bababa sa 20 segundo o gumamit ng hand sanitizer na nakabatay sa alkohol na naglalaman ng hindi bababa sa 60% alcohol.
6. Iwasang humawak sa mga ibabaw o bagay na nasa bahay hangga't maaari. Hugasan ang mga bagay na madalas hawakan habang nagtatrabaho.

Individuwal na kliyenteng employer na nag-hire ng isang manggagawa sa pangangalaga sa bahay para magbigay ng mga serbisyo sa kanilang sariling bahay:

7. Ipaalam sa manggagawa sa pangangalaga sa kalusugan kapag ang kliyente ay nasa quarantine sa bahay, may sakit, o nakararanas ng mga sintomas na kaugnay ng COVID-19.
8. Kapag my sakit o muklang may sakit ang manggagawa sa pangangalaga sa bahay, ipag-utos sa kanila na huwag na munang magtrabaho hanggang sa magaling na siya.
9. Madalas na hugasan ang mga kamay kapag pumasok sa trabaho ang manggagawa sa pangangalaga sa bahay.
10. Panatilihin ang hindi bababa sa anim na talampakang layo mula sa manggagawa sa pangangalaga sa bahay kung posible at bawasan ang oras na ginugulong na malapit sa manggagawa sa pangangalaga sa bahay.

Mga gabay sa lugar ng trabaho

11. Dapat magsuot ng telang pantkakip sa mukha ang sinumang individuwal na naroon sa bahay at may kakayahang magsuot ng mask habang isinasagawa ang mga serbisyo sa pangangalaga sa bahay para maiwasan ang panganib ng pagkalat ng virus sa komunidad. Lubhang hinihikayat ang ganitong mga individuwal na sumunod sa lahat ng kinakailangan para sa PPE. Kung posible, kailangang lumipat ng puwesto, na malayo sa manggagawa sa bahay, ang mga taong naroon sa sambahayan habang nagtatrabaho ang manggagawa sa bahay, at lumipat mula sa mas maliliit na kuwarto patungo sa mas malalaking kuwarto para maisagawa ang higit na pagdistansya sa kapwa kaugnay ng manggagawa sa bahay. Maaaring hindi makasunod ang mga individuwal na nasa lugar ng trabaho, at hindi kinakailangang sumunod, sa pagsusuot ng telang pantakip sa mukha at/o PPE dahil sa mga kapansanan sa pag-iisip, paglaki o pagkilos.

12. Panatilihing mabilis ang mga pakikihalubilo. Kung hindi natalakay ang mahahalagang detalye sa telepono o online, panatilihing mabilis ang personal na pakikihalubilo at panatilihin ang anim na talampakang layo sa inyong pagitan habang nasa anumang pakikipag-usap. Maaaring hindi makasunod ang mga indibiduwal na tumatanggap ng pangangalaga sa bahay, at hindi kinakailangang sumunod, sa mga kinakailangan sa distansya at oras dahil sa mga kapansanan sa pag-iisip, paglaki o pagkilos.
13. Kailangang available sa mga lugar na trabaho o bahay ang mga tisyu at basurahan.
14. Ipapaalam ng mga employer sa kanilang mga manggagawa ang kanilang mga karapatang umalis sa lugar ng trabaho kung naniniwala silang hindi ligtas dito, pati na rin ang kanilang posibleng access sa leave o mga benepisyo sa kawalan ng trabaho sa ganitong mga sitwasyon.
15. Kung inaasahang matatapos ng isang manggagawa sa bahay ang mga karagdagang gawain, tulad ng madalas ng paglilinis at pag-sanitize, dapat itong inilahad sa isang nakasulat na kasunduan at kailangang bayaran ang mga manggagawa para sa oras na nagtrabaho sila.
16. Kailangang mangyari ang lahat ng pagsasanay ng mga manggagawa sa lugar ng trabaho sa oras na may bayad sila.
17. Hangga't maaari, magkakahiwalay na pupunta ang mga manggagawa sa mga lugar ng trabaho, isang tao lamang kada sasakyan.
18. Kung magkikita-kita ang mga manggagawa sa isang sentral na lugar at magbibiyahang papunta sa lugar ng trabaho sakay ng mga sasakyan na pag-aari ng kompanya, magtalaga ng isang sasakyan sa isang tauhan at huwag magpalit. Ang pagbibiyahang sa mga sasakyang pag-aari ng kompanya o iba pang sasakyan na marami ang kayang isakay ay lilimitahan sa 50% ng kapasidad ng sasakyan at may pagdistansya sa kapwa at mga kinakailangan sa PPE na inilarawan sa [Mga Kinakailangan sa Pantakip sa Mukha at Mask kaugnay ng COVID-19](#).

Kung naaangkop, ang mga isyu kaugnay ng kaligtasan at kalusugan ng manggagawa ay batay sa pagpapatupad ng Division of Occupational Safety and Health (DOSH) ng L&I.

- Puwedeng humiling ang mga employer ng [payo at tulong sa pag-iwas](#) sa COVID-19 mula sa Division of Occupational Safety and Health (DOSH) ng L&I.
- Maaaring isumite ang mga reklamo tungko sa kaligtasan at kalusugan ng Lugar ng Trabaho ng Empleyado sa L&I DOSH Safety Call Center: (1-800-423-7233) o sa pamamagitan ng email sa adag235@lni.wa.gov.
- Maaaring isumite ang mga pangkalahatang tanong sa kung paano sumunod sa mga kasanayan sa kasunduan sa Sentro ng Pagtugon sa Negosyo ng estado sa <https://coronavirus.wa.gov/how-you-can-help/covid-19-business-and-worker-inquiries>.
- Maaaring isumite ang iba pang paglabag kaugnay ng Proklamasyon 20-25 sa <https://bit.ly/covid-compliance>.